# Ano Ang Dapat Mong Malaman Pagsusuri Muli Ng Iyong Kapansanan

Ano ang nasa loob


| | |
|---|---|
| Gaano kadalas rerepasuhin ang aking medikal na kondisyon? | 2 |
| Paano ako bibigyan ng abiso tungkol sa isang pagrerepaso? | 2 |
| Ano ang mangyayari sa isang pagrerepaso? | 2 |
| Sino ang gagawa ng desisyon sa pagkakaroon ng kapansanan? | 2 |
| Paano sila magdedesisyon? | 2 |
| Paano kung ako ay hindi sumang-ayon sa desisyon? | 2 |
| Ano ang maaaring mga pangyayari kung saan maaaring mahinto ang mga benepisyo? | 3 |
| Paano kung subukan kong magtrabaho? | 3 |
| Pakikipag-ugnayan sa Social Security | 3 |


Kung kayo ay nakatanggap ng mga benepisyo para sa kapansanan mula sa Social Security o mga benepisyo mula sa Supplemental Security Income (SSI), rerepasuhin namin ang inyong medikal na kondisyon paminsan- minsan para matiyak na patuloy kayong magkaroon ng kuwalipikadong kapansanan.

Karaniwan, kung ang inyong kalusugan ay hindi gumaling, o kung hinahadlangan pa rin kayo sanhi ng inyong kapansanan na makapagtrabaho, patuloy kayong makakatanggap ng inyong mga benepisyo. inyong kapansanan na makapagtrabaho, patuloy kayong makakatanggap ng inyong mga benepisyo.

Ang aming proseso sa pagrerepaso ay nagbibigay sa inyo ng oportunidad para ipakita na kayo ay mayroon pa ring kuwalipikadong kapansanan at tinitiyak na ang inyong mga benepisyo ay hindi pa nahihinto sa di wastong paraan. Ganap naming tatasahin ang lahat ng mga katibayan tungkol sa inyong kondisyon. Kung mayroon kayong higit sa isang kawalang lakas na kalagayan, ikokonsidera namin ang pinagsamang epekto ng lahat ng inyong mga kahinaan sa kakayahan na makapagtrabaho.

Nakasaad sa ibaba ang ilang sa mga pinakamadalas na katanungan tungkol sa mga parerepaso ng kapansanan ng Social Security.

## Gaano kadalas rerepasuhin ang aking medikal na kondisyon?

Ang kadalasan ng mga pagrerepaso ay depende sa kalikasan at kalubhaan ng inyong medikal na kondisyon at kung inaasahan na ito ay gagaling pa.

- Kung inaasahan na gagaling pa, ang inyong unang pagrerepaso ay karaniwang anim hanggang labing walong taon makalipas ang araw nang kayo ay magkaroon ng kapansanan;
- Kung posible ang paggaling, ngunit hindi ito masasabi kung kailan, rerepasuhin namin ang inyong kaso tuwing tatlong taon; at
- Kung **hindi** inaasahan ang paggaling, aming rerepasuhin ang inyong kaso tuwing pitong taon.

## Paano ako bibigyan ng abiso tungkol sa isang pagrerepaso?

Kapag nagpasya kaming kinakailangang magsagawa ng isang ganap na medikal na pagrerepaso, magpapadala kami sa inyo ng isang liham na hinihiling sa inyong magpunta sa tanggapan ng Social Security.

## Ano ang mangyayari sa isang pagrerepaso?

Sa pagrerepaso, tatanungin namin sa inyo kung paano nakaka-apekto sa inyo ang inyong medikal na kondisyon at kung ito ay gumaling. Hihilingin namin sa inyogn dalhin ang mga pangalan, address, at numero ng telepono ng inyong mga doktor at dalhin ang mga numero ng rekord ng pasyente para sa anumang mga ospital at iba pang mga pinagkukuhanan ng medikal na tulong na gumamot sa inyo mula nang huli namin kayong naka-ugnayan. Kung kayo ay nakapagtrabaho mula nang kayo ay nag-apply para sa mga benepisyo para sa may kapansanan, o mula nang inyong huling pagrerepaso, kailangan rin namin ang impormasyon ng mga petsa nang kayo ay nagtrabaho, ang suweldong natanggap ninyo, at ang uri ng trabaho na ginawa ninyo.

## Sino ang gagawa ng desisyon sa pagkakaroon ng kapansanan?

Ipapadala namin ang inyong kaso sa Disability Determination Services (Mga Serbisyo para sa Pagpapasya sa Pagkakaroon ng Kapansanan) sa inyong estado. Ang ahensya na nagdedesisyon hinggil sa pagkakaroon ng kapansanan para sa Social Security. Hihilingin ng isang dalubhasang tagasuri sa kapansanan ang mga medikal na ulat mula sa inyong mga doktor at mula sa iba pang mga lugar na pinupuntahan ninyo para magpagamot. Ang tagasuri at isang medikal na tagapayo, na magkasamang magtatrabaho bilang isang pangkat, ay mainam na rerepasuhin ang lahat ng impormasyon na natanggap para sa inyong kaso, at tapos ay magdedesisyon.

## Paano sila magdedesisyon?

Sa karamihang mga kaso, ang desisyon ay mababatay sa impormasyon mula sa inyong mga doktor, ospital, o iba pang mga pinagkukuhanan ng medikal na tulong. Ngunit, kung ang katibayang medikal ay hindi kumpleto o napapanahon, maaaring hilingin sa inyong magsagawa ng isang espesyal na eksaminasyon nang walang dagdag na gastos sa inyo. Ipapaalam sa inyo sa pamamagitan ng kasulatan ang petsa, oras at lugar.

## Paano kung ako ay hindi sumang-ayon sa desisyon?

Maaari kayong magsampa ng apela sa desisyon kung di kayo sumsang-ayon dito. Ito ay nangangahulugan na maaari ninyong hilingin sa amin na balikan muli ang inyong kaso upang makita kung wasto ang aming naging desisyon. Mayroon apat na antas ng pag-apela at, karaniwan, mayroon kayong 60 araw para mag-apela mula sa isang antas patungo sa susunod. Ang mga apat na antas ay:

*(kabila)*

- **Muling pagsasaalang-alang** — Ang inyong kaso ay mag-isang nirerepaso ng mga tao na di kabilang sa orihinal na pagdedesisyon. Maaaring humarap kayo sa isang opisyal sa pagdinig sa kapansanan na magpapasya sa inyong apela.
- **Pagdinig** — Kung di kayo sumang-ayon sa muling pagsasaalang-alang na desisyon, maaari ninyong hilingin ang isang pagdinig sa harap ng isang hukom para sa administratibong batas.
- **Appeals Council (Konseho para sa Apela)** — Kung di kayo sumasang-ayon sa desisyon ng hukom sa administratibong batas, maaari ninyong hilingin ang isang pagrerepaso sa desisyon ng Appeals Council (Konseho para sa Apela).
- **Korteng Pederal** — Kung di kayo sumasang-ayon sa desisyon ng Appeals Council (Konseho para sa Apela), o kung ang Appeals Council (Konseho para sa Apela) ay nagpasyang di repasuhin ang inyong kaso, maaari kayong magsagawa ng sibil na kilos sa korteng pederal.

## Ano ang maaaring mga pangyayari kung saan maaaring mahinto ang mga benepisyo?

Karaniwan, ang mga benepisiyong pera ay mahihinto lang kung ipinapakita sa mga katibayan na ang inyong medikal na kondisyon ay humusay at maaari na kayong makapagtrabaho nang regular. Hangga’t hindi humuhusay ang inyong kondisyon, at hindi ninyo kayang magtrabaho, magpapatuloy ang inyong mga benepisiyong pera.

## Paano kung subukan kong magtrabaho?

Ang Social Security ay may ilang mga espesyal na tuntunin na makakatulong kung nais ninyong magtrabaho.

Kung nakakatanggap kayo ng mga benepisyo para sa kapansanan mula sa Social Security, at inulat ninyo ang inyong mga gawain sa trabaho, maaaring mayroon kayong walang limitasyong mga kita habang panahon ng pagsubok sa trabaho na hanggang siyam na buwan (hindi kinakailangang magkasunod) at makakatanggap pa rin ng mga kumpletong benepisyo. Sa ibang mga tuntunin ay pinapahintulutan ang mga benepisyong cash at Medicare na magpatuloy habang kayo ay nagsusubok na regular na magtrabaho.

Kung tumatanggap kayo ng mga kabayaran para sa kapansanan mula sa SSI, maaari kayong patuloy na tumanggap ng mga buwanang bayad habang kayo ay nagtatrabaho, basta’t ang inyong kinita at mga pinagkukuhanan ng pera ay patuloy na nananatili na saklaw sa ilang mga limitasyon. Kung mahinto ang inyong mga kabayaran na cash dahil ang inyong kabuuang kita ay higit sa mga limitasyon ng SSI, maaaring karapat-dapat pa rin kayo para sa Medicaid.

May iba pa kaming mga programa na makakatulong sa inyong mga gastusin sa trabaho, pagsasanay at rehabilitasyon. Magtanong sa inyong tanggapan ng Social Security para sa karagdagang impormasyon tungkol sa espesyal na mga tuntunin para sa mga taong may kapansanan na nais magtrabaho.

## Pakikipag-ugnayan sa Social Security

May iba’t ibang paraan para makipag-ugnayan sa Social Security, kabilang na ang online, sa pamamagitan ng telepono, at nang personal. Naririto kami para sagutin ang inyong mga katanungan at upang mapaglingkuran kayo. Higit na sa 80 taon, ang Social Security ay nakatulong na mapanatag ang kabuhayan ngayon at para sa kinabukasan sa pamamagitan ng pagkakaloob ng mga benepisyo at pinansiyal na proteksyon para sa milyon-milyong mga katao para sa kanilang pamumuhay.

*(kabila)*

## Bumisita sa aming website

Ang pinakamadaling paraan na makipag-ugnayan sa Social Security mula saanmang lugar kahit kailan, ay bumisita sa ***www.socialsecurity.gov***. Doon, maaari kayong:

- Lumikha ng isang *my* Social Security account para mabalikan ang inyong *Social Security Statement*, patotohanan ang inyong mga kinita, mag-print ng isang benefit verification lettert (liham ng pagpapatotoo ng benepisyo), baguhin ang inyong impormasyon para sa direktang pagde-deposito, humiling ng isang pamalit na Medicare card, kumuha ng kapalit na SSA-1099/1042S, at marami pang iba;
- Mag-apply para sa Extra Help (Karagdagang Tulong) gamit ang mga gastusin sa plano ng Medicare para sa inireresetang gamot;
- Mag-apply para sa retirement, kapansanan at mga benepisyo sa Medicare;
- Maghanap ng mga kopya ng aming mga inilathala;
- Makuha ang mga sagot sa mga madalas a katanungan; at
- Marami pang iba!

Ang ilang sa mga serbisyong ito ay makukuha lang sa wikang Ingles. Bumisita sa aming Multilanguage Gateway para sa impormasyon sa wikang Tagalog. Kami ay nagkakaloob ng libreng serbisyo ng interpreter para tulungan kayo sa pagsasagawa ng inyong dapat gawin sa Social Security. Ang mga serbisyo ng interpreter ay handang magamit kung kayo ay makikipag-usap sa amin sa telepono o sa tanggapan ng Social Security.

## Tumawag sa amin

Kung wala kayong access sa internet, kami ay naghahandog ng maraming mga automated na serbisyo sa pamamagitan ng telepono, 24 oras, 7 araw sa isang linggo. Tumawag sa amin sa walang bayad na toll sa **1-800-772-1213** o sa aming TTY na numero, **1-800-325-0778**, kung kayo ay hindi nakakarinig o nahihirapan makarinig.

Kung kailangan ninyong makipag-usap sa isang tao, masasagot namin ang inyong mga tawag mula 7 a.m. hanggang 7 p.m., Lunes hanggang Biyernes. Humihingi kami ng kaunting pasensya sa mga panahon na napakaraming ginagawa dahil maaari kayong makaranas ng higit sa karaniwang dalas na pagka-busy ng telepono at mas matatagal na panahon ng paghihintay sa tawag para makausap kami. Inaasahan namin na makapaglingkod sa inyo.

Securing today and tomorrow

**Social Security Administration**
Publication No. 05-10068-TL | July 2017
Ano Ang Dapat Mong Malaman Pagsusuri Muli Ng Iyong Kapansanan
What You Need To Know Reviewing Your Disability (Tagalog)
Produced and published at U.S. taxpayer expense
Ang nagbabayad ng buwis sa U.S. ang nagbayad para sa paglikha at paglathala nito